



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

PILIIN ANG PINAKAMADALING DAAN

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Awwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Sabi ng banal na Propeta Muhammad (sallallahu alayhi wa ala alihi wa ashabihi wa sallam): “Ang atin daan ang tamang daan. Piliin ang pinakamadalin sa tamang daan.” Karamihan ng mga bagay ay may mga iba’t ibang daan, mayroon ring parehas ang daan pero iba’t ibang pagpipilian. Piliin ang pinakamadali sabi ng Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Wag mong puntahan ang mahirap, hayaan mong maging madali at gawin ito. Ito’y ginawa ng Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam upang mahing mabuting halimbawa sa kanyang Ummah.

Ito’y di mahirap na daan. Ang daan ng Islam ay sakto sa pagkatao natin. Nababagay siya dito at sa lahat ng nilikha ng Allah. Kapag ika’y sasama sa ibang relihiyon ito’y di nababagay sa pagkato natin. Ang islam ay madali pero ang nagpapahirap dito ay ang Nafs at Shaytan. Kaya sabi ng propeta Muhammad alayhis salatu was salam piliin ang pinakamadali.

Ang daang pinakita ng Shaykh Mawlana Nazim(qs) ay madali din. Dapat gawin ng mga tao kung ano man ang kanilang makakaya. Ang mahalaga ay maniwala sa Allah at Mahalin ang Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ang gawin ang kung ano man ang makakaya mo ay mas mabuti kaysa wala kang gawin. Kapag lumakas na ang Iman, dadami din ang mga aksyon o mabuting gawain. Sa tamang oras sila’y nakakapagsalah, nagbibigay ng zakah at sadaqa. Ito’y dahan-dahan na magiging mabuti. Pero kapag sila’y pinilit mong gawin ang lahat ng ito sa isang saglit ay di nila makakayanan. Iiwan nila ito at lalayo.

Kaya piliin ang mas madali, yung mga bagay na kaya mong araw-arawin at patuloy na gawin. Wag mong dalhin ang di mo kaya. Ito’y magandang daan na pinakita ng Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ito ang payo ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam dahil sa kanyang pagmamalasakit sa Ummah niya. Kung ano man ang iyong gawin, hingiin mo ang kagutsuhan o pagmamahal ng Allah. Tutulungan tayo ng Allah sa daang ito at bibigyan niya tayo kung ano man ang sapat lang sa kakayanan natin.



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

لَا يُكَلِّفُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا

1. Ummat Muhammad

2. Zakat

3. Sadaqa

Sabi ng Allah jalla jalaluhu “La yukallif ullahu nafsana illa wus’aha.” (Sura Baqara:286) “Allah does not charge a person except with that within its capacity.” Di tayo bibigyan ng Allah ng kahit na anong di makakaya natin. Nakita ng Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam na mahina tayo. Di tayo maaaring magkaroon ng pagmamataas o kayabangan kahit na tayo ay mag-Ibadah ng 1000 taon. Sahalip na magtiwala sa ibadah natin at maging mayabang, mas mabuti ang gawin ang maliliit na bagay at madali. Nawa’y di tayo ilagay ng Allah sa maling daan at isali tayo sa Shafaat ng Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
25 November 2016/25 Safar 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah